

# **Tagubilin ng Subsektor ng Komite ng Halalan Tungkol sa Karaniwang Halalan 2021**

## **Halalan sa Subsektor ng Komite ng Halalan**

Ipinasa ng Pambansang Kongreso ng Sambayanan (“NPC”) noong ika-11 ng Marso 2021 ang Desisyon sa Pagpapabuti sa Sistema ng Halalan ng Hong Kong Special Administrative Region (“ang Desisyon”) at nagbigay pahintulot sa Nakatatag na Komite (Standing Committee) ng NPC (“NPCSC”) na baguhin ang Annex I ng Saligang Batas sa Pamamaraan sa Pagpili ng Punong Tagapamahala ng Hong Kong Special Administrative Region at ang Annex II ng Saligang Batas sa Pamamaraan sa Pagbuo ng Batasang Konseho ng HKSAR at ang Mga Pamamaraan sa Pagboto. Ipinairal ng NPCSC noong ika-30 ng Marso 2021 ang binagong Annex I at Annex II ng Saligang Batas. Ipinakilala ng Pamahalaan ng HKSAR ang Panukalang Batas 2021 (“ang Panukala”) ng Pinapabuting Sistema ng Halalan (Mga Pinagsamang Pagbabago [Consolidated Amendments]) sa Batasang Konseho (“LegCo”) noong ika-14 ng Abril 2021, na ipinasa ng LegCo noong ika-27 ng Mayo 2021. Ang Ordinansa sa Pinapabuting Sistema ng Halalan (Mga Pinagsamang Pagbabago) 2021 ay inilathala sa Pahayagan at nagkaroon ng bisa noong ika-31 ng Mayo 2021.

Ayon sa Annex I at Annex II ng Saligang Batas, ang Komisyon ng Halalan (“EC”) na binubuo ng 1500 miyembro na dapat ay mga permanenteng residente ng Hong Kong, ay ang dapat may-tungkulin sa paghalal ng Punong Tagapamahala at ilan pang mga miyembro ng LegCo. Ang EC ay siya rin dapat ang may-tungkulin sa paghain ng mga kandidato para sa mga halalan sa Punong Tagapamahala (CE) at LegCo.

Mayroong limang sektor ang EC, ang bawat isa ay binubuo ng bilang ng mga subsektor (na may kabuuang 40 na mga subsektor).

Mayroong tatlong pamamaraan para sa mga miyembrong pipili ng EC, tulad ng ex-officio membership, nominasyon ng mga nakatalagang ahensiya ng mga subsektor at halalan ng mga rehistradong mga botante ng mga subsektor ng korporasyon o indibidwal. Sa 40 na mga subsektor, ang mga Kinatawan ng HKSAR sa NPC, ang mga miyembro ng HKSAR sa Pambansang Komite ng Chinese People’s Political Consultative Conference (“CPPCC”), mga miyembro ng Hong Kong sa Komite para sa Saligang Batas ng HKSAR sa ilalim ng Nakatatag na Komite ng NPC, Mga Miyembro ng LegCo, mga vice-chancellor o pangulo ng mga pamantasan o tagapangulo ng lupon ng mga gobernador o ang konseho ng mga pamantasan, at mga taong namamahala sa ilang mga ahensiya ng batas, mga mahahalagang komite ng tagapayo at mga kaugnay na organisasyon sa tinukoy na subsektor ay siyang magiging mga ex-officio member. Ang lahat ng mga miyembro ng Panrelihiyong Subsektor at mga kinatawan ng mga samahan ng mga residente sa Hong Kong sa Subsektor ng Mainland, ilang mga miyembro ng Subsektor ng Teknolohiya at Pagpapabago, Subsektor ng Accountancy, Subsektor ng Ligal, Palakasan, Sining sa Pagtatanghal, Kultura at

Subsektor ng Paglalathala, at Subsektor ng Medisinang Tsino ay hihirangin ng mga nakatalagang ahensiya ng mga tinukoy na subsektor. Ang natitirang mga miyembro ng EC ay ihahalal ng mga rehistradong botante ng mga subsektor ng korporasyon o indibidwal.

Para sa bagong termino ng EC, may pinakamataas na bilang ng 982 na mga puwesto ang ihahalal sa ordinaryong halalan ng subsektor, 156 na mga puwesto ay ihahalal sa pamamagitan ng nominasyon ng nakatalagang mga ahensiya ng mga tinukoy na subsektor, habang may pinakamababang bilang ng 362 na mga puwesto ay magiging mga ex-officio member.

Ang bagong nabuong EC ay pipili ng bagong termino sa panunungkulan ng CE (5-taon). Kung magkakaroon ng pagkabakante sa panahon ng termino sa panunungkulan ng CE, ang naglilingkod na EC ay magkakaroon ng tungkulin sa pagpili ng bagong CE. Kung ang pagpili ng CE sa bagong termino ng panunungkulan (5-year) ay isasagawa sa loob ng 6 na buwan pagkatapos magkaroon ng pagkabakante sa puwesto ng CE, hindi na kinakailangang gumawa ng by-election (maghalal upang punan ang bakanteng puwesto). Bago magsagawa ng by-election upang pumili ng CE, magkakaroon ng by-election sa subsektor at/o karagdagang nominasyon upang ayusin ang kasapian ng EC kung mayroong pagkabakante sa mga miyembro ng EC. Gayunpaman, walang gagawing by-election ng subsektor at/o karagdagang nakatalagang nominasyon kung ang kasapian ng EC ay naayos na sa loob ng isang taon bago gumawa ng by-election upang pumili ng CE. Kung ang araw kung saan ang kasalukuyang termino ng panunungkulan ng LegCo ay matatapos ay mahigit sa 12 buwan mula sa araw ng pagkatatag ng EC o araw ng paglalathala ng pansamantalang talaan ng manghahalal sa by-election ng EC, ay dapat gumawa ng by-election sa subsektor ng EC bago ang Pangkalahatang Halalan ng LegCo, upang punan ang mga pagkabakante sa EC.

## **Tagubilin ng Komite ng Halalan**

- Mga tungkulin: Upang humirang ng mga kandidato para sa Halalan ng Punong Tagapamahala (“CE”) at pumili ng CE; upang humirang ng mga kandidato para sa Halalan ng Batasang Konseho (“LegCo”) at pumili ng 40 miyembro ng LegCo
- Ang Termino ng Panunungkulan ng Komite ng Halalan (“EC”): Ang termino sa panunungkulan ng bawat EC ay 5 taon. Para sa bagong termino ng panunungkulan ng EC sa 2021, ang termino sa panunungkulan ay limang taon at magsisimula sa ika-22 ng Oktubre 2021 at matatapos sa ika-21 ng Oktubre 2026.
- Ang EC ay binubuo ng 1 500 miyembro mula sa mga sumusunod na limang sektor –
  - (i) Mga sektor na pang-industriya, komersiyo at pinansyal
  - (ii) Ang mga propesyon
  - (iii) Mga sektor ng madla, paggawa, panrelehiyon at iba pang mga sektor
  - (iv) Mga kasapi ng Batasang Konseho, kinatawan ng mga organisasyon sa distrito at iba pang mga organisasyon
  - (v) Mga kinatawan ng Hong Kong Special Administrative Region (“HKSAR”) sa Pambansang Kongreso ng Sambayanan (“NPC”), mga miyembro ng HKSAR sa Pambansang Komite ng Chinese People’s Political Consultative Conference (“CPPCC”) at kinatawan ng mga miyembro ng Hong Kong sa mga kaugnay na pambansang organisasyon.

## **Pagbubuo, Mga Pamamaraan Para sa Mga Miyembrong Tagapili at Mga Manghahalal ng Subsektor**

| <b>Subsektor</b>  | <b>Puwesto</b>                          | <b>Bilang ng mga ex-officio member</b> | <b>Bilang ng mga hihirangang miyembro</b> | <b>Bilang ng mga miyembrong pipiliin</b> |
|---|---|--|---|--|
| <b>Unang Sektor: Mga sektor na pang-industriya, komersiyo at pinansyal (300 Miyembro)</b> |   |  |   |  |
| 1.  | Serbisyong Pagkain                      | 16                                     | 0   | 16                                       |
| 2.  | Pangkomersiyo (una)                     | 17                                     | 0   | 17                                       |
| 3.  | Pangkomersiyo (ikalawa)                 | 17                                     | 0   | 17                                       |
| 4.  | Pangkomersiyo (ikatlo)                  | 17                                     | 0   | 17                                       |
| 5.  | Kalipunan ng Mga Maypagawa sa Hong Kong | 15                                     | 0   | 15                                       |
| 6.  | Pinansyal                               | 17                                     | 0   | 17                                       |
| 7.  | Serbisyong pinansyal                    | 17                                     | 0   | 17                                       |
| 8.  | Hotel                                   | 16                                     | 0   | 16                                       |

|  |  |    |    |    |    |
|--|--|----|----|----|----|
| 9.   | Import at export   | 17 | 0  | 0  | 17 |
| 10.  | Pang-industriya (una)                                      | 17 | 0  | 0  | 17 |
| 11.  | Pang-industriya (ikalawa)                                  | 17 | 0  | 0  | 17 |
| 12.  | Insurance  | 17 | 0  | 0  | 17 |
| 13.  | Real estate at construction                                | 17 | 0  | 0  | 17 |
| 14.  | Maliliit at katamtamang kalakalan                          | 15 | 0  | 0  | 15 |
| 15.  | Mga tela at damit  | 17 | 0  | 0  | 17 |
| 16.  | Turismo  | 17 | 0  | 0  | 17 |
| 17.  | Transportasyon   | 17 | 0  | 0  | 17 |
| 18.  | Wholesale at retail  | 17 | 0  | 0  | 17 |
| <b>Ikalawang Sektor: Ang mga propesyon (300 Miyembro)</b>                                  |  |    |    |    |    |
| 1.   | Accountancy  | 30 | 0  | 15 | 15 |
| 2.   | Arkitektura, surveying, pagpapalano at landscape           | 30 | 15 | 0  | 15 |
| 3.   | Medisinang Tsino   | 30 | 0  | 15 | 15 |
| 4.   | Edukasyon  | 30 | 16 | 0  | 14 |
| 5.   | Engineering  | 30 | 15 | 0  | 15 |
| 6.   | Ligal  | 30 | 6  | 9  | 15 |
| 7.   | Mga serbisyong medikal at kalusugan                        | 30 | 15 | 0  | 15 |
| 8.   | Kapakanang panlipunan                                      | 30 | 15 | 0  | 15 |
| 9.   | Palakasan, sining sa pagtatanghal, kultura at paglalathala | 30 | 0  | 15 | 15 |
| 10.  | Teknolohiya at pagpapabago                                 | 30 | 0  | 15 | 15 |
| <b>Ikatlong Sektor: Madla, paggawa, panrelehiyon at iba pang mga sektor (300 Miyembro)</b> |  |    |    |    |    |
| 1.   | Agrikultura at pangingsda                                  | 60 | 0  | 0  | 60 |
| 2.   | Mga samahan ng kapwa Tsinong kababayan                     | 60 | 0  | 0  | 60 |
| 3.   | Mga samahan ng madla                                       | 60 | 0  | 0  | 60 |
| 4.   | Paggawa  | 60 | 0  | 0  | 60 |
| 5.   | Panrelehiyon   | 60 | 0  | 60 | 0  |

| <b>Ikaapat na Sektor: Miyembro ng Batasang Konseho, kinatawan ng mga organisasyon sa distrito at iba pang mga organisasyon (300 Miyembro)</b>  |   |              |     |    |     |
|--|---|--------------|-----|----|-----|
| 1.   | Miyembro ng Batasang Konseho  | 90           | 90  | 0  | 0   |
| 2.   | Heung Yee Kuk   | 27           | 0   | 0  | 27  |
| 3.   | Kinatawan ng mga samahan ng mga residente ng Hong Kong sa Mainland  | 27           | 0   | 27 | 0   |
| 4.   | Kinatawan ng miyembro ng mga Panlalawigang Komite, Mga Pandistritong Komite sa Pagsugpo ng Krimen, at Mga Pandistritong Komite ng Kaligtasan sa Sunog ng Hong Kong at Kowloon | 76           | 0   | 0  | 76  |
| 5.   | Kinatawan ng miyembro ng mga Panlalawigang Komite, Mga Pandistritong Komite sa Pagsugpo ng Krimen, at Mga Pandistritong Komite ng Kaligtasan sa Sunog ng New Territories      | 80           | 0   | 0  | 80  |
| <b>Ikalimang Sektor: Mga kinatawan ng HKSAR sa NPC, mga miyembro ng HKSAR sa Pambansang Komite ng CPPCC at kinatawan ng mga miyembro ng Hong Kong sa mga kaugnay na pambansang organisasyon (300 Miyembro)</b> |   |              |     |    |     |
| 1.   | Mga kinatawan ng HKSAR sa NPC at mga miyembro ng HKSAR sa Pambansang Komite ng CPPCC  | 190          | 190 | 0  | 0   |
| 2.   | Kinatawan ng mga miyembro ng Hong Kong sa mga kaugnay na pambansang organisasyon  | 110          | 0   | 0  | 110 |
| <b>Kabuuan:</b>  |   | <b>1 500</b> |     |    |     |

**Mga Pahayag:**

1. Ang isang kinatawan ng HKSAR sa NPC o ang isang miyembro ng HKSAR sa Pambansang Komite ng CPPCC ay maaaring pumiling magparehistro bilang miyembro ng EC sa isang subsektor maliban sa isa sa Ikalimang Sektor kung saan siya ay mayroong mahalagang koneksyon. Sa ganitong mga kalagayan, ang bilang ng mga ex-officio member ay madaragdagan at ang bilang ng mga puwestong ihahalal ng subsektor sa halalan ay babawasan nang naayon. Sa loob ng termino ng panunungkulan ng EC, ang

bilang ng mga ex-officio member, at mga miyembrong ihahalal sa nominasyon o eleksyon ay mananatiling hindi nababago.

- Ang mga subsektor ng EC ay ihahalal ng mga rehistradong botante na korporasyon o indibidwal. Maliban kung tinukoy sa batas ng halalan, ang isang samahan o kalakalan ay maaaring maging botanteng korporasyon sa isang subsektor lamang kung ito ay gumagana ng hindi bababa sa tatlong taon matapos makakuha ng nauugnay na kwalipikasyon para sa subsektor na iyon.

### **Mga Pamamaraan Para sa Mga Miyembrong Tagapili**

|     | <b>Mga Pamamaraan</b>   | <b>Puwesto</b>   |
|-----|---|------------------|
| (1) | <p>Ex-officio member na hindi kinakailangan ang halalan</p> <p>(kabilang ang mga miyembro ng LegCo, mga kinatawan ng HKSAR sa NPC, mga miyembro ng HKSAR sa Pambansang Komite ng CPPCC, mga miyembro ng Hong Kong sa Komite ng Saligang Batas ng HKSAR sa ilalim ng Nakatatag na Komite ng NPC, mga vice-chancellor o pangulo ng mga pamantasan o tagapangulo ng lupon ng mga gobernador o ang konseho ng mga pamantasan, at mga taong namamahala sa ilang mga ahensiya ng batas, mga mahahalagang komite ng tagapayo at mga kaugnay na organisasyon sa tinukoy na subsektor)</p>   | 362              |
| (2) | <p>Nominasyon ng mga karapat-dapat na mga ahensiya ng tinukoy na mga subsektor</p> <p>(kabilang ang lahat ng Mga Miyembro ng Subsektor na Panrelehiyon at Subsektor ng kinatawan ng mga samahan ng mga residente ng Hong Kong sa Mainland, ilang mga miyembro ng Subsektor sa Teknolohiya at Pagpapabago, Subsektor ng Accountancy, Subsektor ng Ligal, Palakasan, Sining sa Pagtatanghal, Subsektor ng Kultura at Paglalathala, at Subsektor ng Medesinang Tsino. Mangyaring tingnan ang Annex I sa Saligang batas para sa mga organisasyong maghihirang at bilang ng mga hinirang na Miyembro)</p>  | 156              |
| (3) | <p>Halalan ng mga karapat-dapat na mga botanteng korporasyon o indibidwal sa mga subsektor</p> <p>(Apat na mga subsektor lamang ang may mga indibidwal na botante, ito ang:<br/>           (i) Heung Yee Kuk;<br/>           (ii) Kinatawan ng miyembro ng mga Panlalawigang Komite, Mga Pandistritong Komite sa Pagsugpo ng Krimen, at Mga Pandistritong Komite ng Kaligtasan sa Sunog ng Hong Kong at Kowloon;<br/>           (iii) Kinatawan ng miyembro ng mga Panlalawigang Komite, Mga Pandistritong Komite sa Pagsugpo ng Krimen, at Mga Pandistritong Komite ng Kaligtasan sa Sunog ng New Territories; at<br/>           (iv) Kinatawan ng mga miyembro ng Hong Kong sa mga kaugnay na pambansang organisasyon</p> <p>Ang iba pang mga subsektor ay ihahalal ng mga botanteng korporasyon)</p> | 982 <sup>^</sup> |
|     | <b>Kabuuan</b>  | <b>1 500</b>     |

*^ Alinsunod sa Annex I ng Saligang Batas na binago ng Nakatatag na Komite ng NPC, ang isang kinatawan ng HKSAR sa NPC o ang isang miyembro ng HKSAR sa Pambansang Komite ng CPPCC ay maaaring pumiling magparehistro sa ibang subsektor kung saan siya ay may mahalagang koneksyon. Sa ilalim ng naturang mga kalagayan, ang bilang ng puwestong ihahalal sa huling nabanggit na subsektor ay mababawasan nang naaayon.*

### **Pagrerehistro ng Mga Ex-officio Member**

- Ang lahat ng mga ex-officio member ay kinakailangang magsumite ng form sa pagrerehistro sa Opisyal ng Pagrehistro sa Halalan (“ERO”) at ang bisa ng kanilang rehistro ay tutukuyin ng Komite ng Pagsusuri sa Pagkakarapat-dapat ng Kandidato (“CERC”). Sa pangkalahatan, ang mga may hawak ng mga tinukoy na puwesto sa bawat subsektor (i.e. tinukoy na mga tao) ay maaaring magparehistro bilang mga ex-officio member ng subsektor na iyon. Gayunpaman, sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan, ang tinukoy na tao ay maaaring magtalaga ng ibang tao (i.e. itinalagang tao) na may tungkulin sa isang kaugnay na ahensiya upang marehistro bilang ex-officio member ng subsektor na iyon:
  - (i) ang tinukoy na tao ay hindi karapat-dapat na marehistro bilang ex-officio member, kabilang kung:
    - o siya ay hindi narehistro bilang botante (o hindi gumawa ng aplikasyon upang marehistro) sa ilalim ng Ordinansa ng Batasang Konseho (Cap. 542) sa umiiral na ganap na talaan (“FR”) ng Mga Heograpikal na Konstituwensya (“mga GC”) o nadiskwalipika sa pagrehistro bilang botante ng isang GC; o
    - o isa siyang Pangunahing Opisyal na hinirang alinsunod sa isang nominasyon sa ilalim ng under Artikulo 48(5) ng Saligang Batas; isang direktoradong opisyal ng Pamahalaan; isang Administratibong Opisyal ng Pamahalaan; isang Opisyal sa Impormasyon ng Pamahalaan; isang opisyal ng pulisya; o anumang iba pang sibil na tagapaglingkod na nakaupo sa isang tungkulin sa kanyang opisyal na kakayahan;
    - o
  - (ii) ang tinukoy na tao ay may hawak na higit pa sa isang tinukoy na tungkulin, maliban sa subsektor ang kaayusan sa paghahalili kung saan itinukoy na sa batas o mga hindi naaangkop na subsektor.
- Ang ex-officio member o ang may hawak ng tinukoy na tungkulin ay maaaring hindi maging isang kasapi ng EC sa pamamagitan ng nominasyon o halalan. Ang tinukoy na tao ay ituturing na nagbitiw mula sa EC kung siya ay wala nang hinahawakang tinukoy na tungkulin. Ang bawat tao ay maaari lamang marehistro bilang ex-officio member ng isang subsektor.

## **Pamamaraan Para sa Mga Miyembrong EC na Tagapili sa pamamagitan ng Nominasyon**

- Ang bawat kaugnay na itinalagang ahensiya ay dapat humirang ng bilang ng mga taong kanilang pinili upang maging mga kinatawan sa EC. Dapat matugunan ng mga hinirang ang mga sumusunod na kinakailangan:
  - (i) parehong rehistrado at karapat-dapat marehistro sa ilalim ng Ordinansa ng Batasang Konseho (Cap. 542) bilang manghahalal sa isang GC at hindi diskwalipikado na marehistro; at
  - (ii) mayroong mahalagang koneksyon sa kaugnay na subsektor.
- Kung ang bilang ng mga nominado ay lampas sa bilang ng puwestong itinalaga sa ginawarang ahensiya, dapat ipahiwatig ng ginawarang ahensiya alin sa mga nominado ang gusto nilang umupo sa itinalagang bilang o mailagay sa bakanteng puwesto; at ranggohan ang mga nominadong lumampas sa bilang, kung higit sa isa, ayon sa prayoridad. Kung hindi ipapahiwatig ng hinirang na ahensiya ang gusto nilang mga nominado, dapat tukuyin ng Opisyal ng Halalan (“RO”) ang ayos ng prayoridad ng mga nominado sa pamamagitan ng bunutan.
- Tutukuyin ng CERC kung ang mga nominado ay wastong hinirang alinsunod sa ayos ng prayoridad na ipinahiwatig sa form ng nominasyon o ayon sa tinukoy ng RO sa pamamagitan ng bunutan hanggang sa ang bilang ng itinalagang puwesto sa hinirang na ahensiya ay pawang napunan.
- Dapat ideklara ng CERC ang mga nominado na wastong hinirang bilang mga kasapi ng EC alinsunod sa mga alituntunin.

## **Kaayusan Para sa Nominasyon**

- Ang bawat kandidato ay dapat hirangin ng limang botanteng korporasyon o indibidwal sa kani-kanilang subsektor.
- Ang bawat botanteng korporasyon o indibidwal ay maaari lamang humirang ng bilang ng kandidato na hindi lalampas sa bilang ng mga puwestong ihahalal sa kani-kanilang subsektor.
- Panahon ng nominasyon: ika-6 hanggang ika-12 ng Agosto 2021
- Ang mga form sa nominasyon ay maaaring ma-download mula sa websayt ng Tanggapan ng Pagrerehistro at Halalan (“REO”) ([www.reo.gov.hk](http://www.reo.gov.hk)), o kunin na walang bayad sa mga sumusunod na tanggapan:
  - Mga Tanggapang Pandistrito;
  - Tanggapan ng Mga Opisyal ng Halalan; o
  - Mga Tanggapan ng REO (10/F, Harbour Centre, 25 Harbour Road, Wan Chai, Hong Kong o Unit 2301-03, 23/F, Millennium City 6, 392 Kwun Tong Road, Kwun Tong, Kowloon)



## **Pagkakarapat-dapat sa Pagkahirang Bilang Isang Kandidato**

- ay nasa 18 taong gulang;
- narehistro sa isang GC; at
- narehistro bilang botante para sa subsektor na iyon (naaangkop lamang sa Heung Yee Kuk, Kinatawan ng miyembro ng mga Panlalawigang Komite, Mga Pandistritong Komite sa Pagsugpo ng Krimen, at Mga Pandistritong Komite ng Kaligtasan sa Sunog ng Hong Kong at Kowloon o New Territories, and Kinatawan ng mga miyembro ng Hong Kong sa mga kaugnay na subsektor ng mga pambansang organisasyon kung saan may mga indibidwal na botante) o may mahalagang koneksyon sa subsektor na iyon.

## **Kaayusan ng Botohan**

- Araw ng botohan: ika-19 ng Setyembre 2021 (Linggo)
- Mga oras ng botohan: 9:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. (maliban sa mga nakatalagang istasyon ng botohang nakalagay sa mga bilangguan kung saan ang mga oras ng botohan ay mula 9:00 a.m. hanggang 4:00 p.m.)
- Ang mga miyembro ng EC ng bawat subsektor ay ihahalal sa lihim na balota.

## **Saan Boboto**

- Ang bawat botante o awtorisadong kinatawan ay bibigyan ng isang nakatalagang ordinaryong istasyon ng botohan upang bumoto.
- May isang kard ng botohan na nagpapakita ng impormasyon tungkol sa nakatalagang istasyon ng botohan ng botante o ng awtorisadong kinatawan na ibibigay sa kanya ng hindi bababa sa limang araw bago ang araw ng botohan.
- Ang lahat ng ordinaryong istasyon ng botohan ay napupuntahan ng mga taong gumagamit ng upuang-de-gulong o mga may kahirapan sa pagkilos.
- Mag-aayos ng nakatalagang istasyon ng botohan sa bilangguan o himpilan ng pulisya upang makaboto ang mga botante o awtorisadong kinatawang nakakulong kung naaangkop.
- Kung ang mga botante any nanganailangan ng tulong sa pagsasalin ng mga impormasyon sa pagboto, maaari nilang tawagan ang Sentro Para sa Etniko Minorya (“CHEER”) sa mga sumusunod na hotline mula ika-6 hanggang ika-10 ng Setyembre 2021, at mula ika-13 hanggang ika-19 ng Setyembre 2021.

| <b>Wika</b>      | <b>Numero ng Hotline</b> |
|------------------|--------------------------|
| Bahasa Indonesia | 3755 6811                |
| Hindi            | 3755 6877                |

|            |           |
|------------|-----------|
| Nepali     | 3755 6822 |
| Punjabi    | 3755 6844 |
| Tagalog    | 3755 6855 |
| Thai       | 3755 6866 |
| Urdu       | 3755 6833 |
| Vietnamese | 3755 6888 |

### **Paano Bumoto**

- Dalhin ang iyong Hong Kong Identity Card (“HKID card”) o iba pang mga tinukoy na mga alternatibong (mga) dokumento (mangyaring sumangguni sa “(mga) Dokumentong Kinakailangan para sa Pagkuha ng Balota” sa ibaba para sa mga detalye) sa iyong nakatalagang istasyon ng botohan sa ika-19 ng Setyembre 2021 (Linggo) sa mga oras ng botohan (9:00 a.m. hanggang 6:00 p.m.), at ipakita ito sa kawani sa loob ng istasyon ng botohan. Ang kawani ng botohan ay gagamit ng isang tablet ng sistema ng Rehistro ng Elektronikong Pagboto (“EPR”) upang i-scan ang iyong HKID upang makita kung ikaw ay isang botante o awtorisadong kinatawan ng kaugnay na subsektor, at ang bilang at (mga) uri ng mga balota na dapat ibigay sa iyo. Pagkatapos mapatunayan, ibibigay ng kawani ng botohan ang mga (mga) balota sa iyo at itatala ng sistema ng EPR ang pagbibigay ng balota sa iyo.
- Pagkatapos makuha ang (mga) balota, dapat sundin ng botante o awtrorisadong kinatawan ang mga tagubiling ibinigay ng kawani ng botohan at inilimbag sa (mga) balota at sa mga abiso sa loob ng kompartimento. Dapat markahan ng botante o awtrorisadong kinatawan ang (mga) balota sa loob ng kompartimento ng botohan. Sa madaling salita, mangyaring:
  - takpan ang mga habilog sa tapat ng mga pangalan ng kandidatong iyong napili gamit ang ibinigay na panulat;
  - bumoto ng hindi hihigit sa itinakdang bilang ng puwesto sa kaugnay na subsektor (ang bilang na iyon ay ipapakita sa balotaa); at
  - ilagay ang minarkahang balota sa sobrang ibinigay sa istasyon ng botohan, at ilagay ang sobrang naglalaman ng balota sa kahon ng balota ayon sa tinuro ng simbolong nakalagay sa sobre.
- Bibigyan ang bawat botante o awtrorisadong kinatawan ng hiwalay na kompartimento ng botohan. Batay sa prinsipyo ng kalayaan sa pagboto at pagiging lihim ng mga boto, ipinagbabawal sa ilalim ng batas ang pagkakaroon ng kasama o taong tutulong sa botanteng bumoto (kahit na siya ay kamag-anak o kaibigan ng botante).
- Ang mga botante o awtrorisadong kinatawan na hindi makakabotong mag-isa ay maaaring, alinsunod sa batas, humingi ng tulong sa Namamahalang Opisyal (“PRO”) o kinatawan ng PRO’s upang markahan ang balota para sa kanila ayon sa kanilang kagustuhan sa pagboto.

Ang buong proseso ay sasaksihan ng isa pang kawani ng botohan upang matiyak na ang pagboto ay patas na isinagawa.

- Kung nagkamali ang botante o awtrorisadong kinatawan sa pagmarka ng balota o hindi sinadyang masira ang balota, maaari niyang ibalik ang balota sa PRO at humingi ng kapalit.

### **(Mga) Kinakailangang Dokumento para sa pagkuha ng (Mga) Balota**

- Sa ilalim ng umiiral na batas, dapat ipakita ng isang botante o awtrorisadong kinatawan na nag-aaplay para sa (mga) balota ang kanyang orihinal na HKID card o ang mga sumusunod na tinukoy na mga alternatibong (mga) dokumento:
  - orihinal na balidong pasaporte ng HKSAR; o
  - orihinal na Sertipiko ng Eksemsyon; o
  - orihinal ng pagtanggap ng aplikasyon para sa HKID; o
  - orihinal na balidong seaman's identity book ng tao; o
  - orihinal na dokumentong pagkakakilanlan ng tao para sa layuning pagkuha ng visa; o
  - dokumentong nagpapatunay ng ulat sa opisyal ng pulis sa pagkawala o pagkasira ng HKID o Sertipiko ng Eksemsyon o pagtanggap ng aplikasyon para sa HKID (karaniwang tinutukoy bilang "a memo of lost property"), kasama ang orihinal ng balidong pasaporte\* o kaparehong dokumento sa paglalakbay (hal. isang pasaporteng iba sa pasaporte ng HKSAR o Home Return Permit) na nagpapakita ng kanyang pangalan at larawan.
    - \*ang pasaporteng British National (Overseas) ay hindi balidong dokumento ng paglalakbay at katibayan ng pagkakakilanlan.
- Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa bahagi 50 ng Regulasyon ng Komisyon Panghalalan (Mga Pamamaraan ng Halalan) (Komite ng Halalan) (Cap. 541I).

### **Espesyal na Pila para sa Mga Botanteng may Natatanging Pangangailangan**

- Ang mga botante o awtrorisadong kinatawan lamang ang pahihintulutang pumasok sa istasyon ng botohan.
- Sa ilalim ng prinsipyong "patas at pantay na pakikitungo", dapat pumila ang mga botante at awtrorisadong kinatawan upang bumoto. Ang mga botante o awtrorisadong kinatawang nangangailangan ng tulong mula sa iba para sa pagpasok sa istasyon ng botohan ay maaaring gumawa ng kahilingan sa PRO.
- Kung napaniwalaan ng PRO na ang taong dumating, o nariyan, sa istasyon ng botohan upang bumoto ay napapailalim sa mga inilarawan sa ibaba, maaaring patnubayan ng PRO ang taong kaagad na tumuloy sa itinalagang lugar o sa dulo ng pila mula sa lugar na iyon, upang mag-aplay sa balota –

- na hindi bababa sa 70 taong gulang\*;
- buntis; o
- hindi nakakapila ng mahabaang oras o may kahirapan sa pagpila dahil sa karamdaman, sugat, kapansanan o pagsalalay sa mga kagamitan sa pagkilos.

\*Kabilang ang sumusunod na mga tao –

- taong may dokumentong nagpapakita ng taon ng kapanganakan., na walang buwan at araw ng kapanganakan, ng tao na may 70 taon bago ang taon kung kailan gaganapin ang araw ng botohan; o
- taong may dokumentong hindi nagpapakita ng araw ng kapanganakan, ang taon ng kapanganakan ng tao na 70 taon bago ang taon kung kailan gaganapin ang botohan at ang buwan ng kapanganakan ng tao ay parehong buwan kung kailan gaganapin ang botohan.
- Magtatalaga ang PRO ng lugar na mauupuan sa loob ng istasyon ng botohan para sa mag botante o awtorisadong kinatawang inilarawan sa itaas upang makapagpahinga, kung kanilang nanaisin. Pagkatapos magpahinga, maaari silang pumila sa isang espesyal na pila bago patnubayan papunta sa mesang tagabigay ng balota.
- Batay sa prinsipyo ng kalayaan sa pagboto at pagiging lihim ng mga boto, ipinagbabawal ng batas ang pagkakaroon ng kasama o taong tutulong sa botante o awtorisadong kinatawan upang bumoto (kahit na siya ay kamag-anak o kaibigan ng botante) from accompanying or assisting the voter or the authorised representative to cast his/her vote. Ang botante o awtorisadong kinatawan na may kahirapan sa pagmarka ng balota na mag-isa ay maaaring, alinsunod sa batas, humiling sa PRO o sa kinatawan ng PRO upang markahan ang balota para sa kanila ayon sa kanilang kagustuhan sa pagboto, sa harap ng isang kawani ng botohan bilang saksi. Ang PRO ay pinahihintulutang magsagawa ng may pag-iingat, kung naaangkop, na payagan ang mga taong sumasama na gamitin ang espesyal na pila kasama ang mga botante na may tunay na pangangailangan sa pagsama ng iba.

### **Listahan para sa Mga Botante/Awtorisadong Kinatawan**

- Ayon sa Ordinansa ng Halalan Elections (Tiwali at Labag sa Batas na Gawain) (Cap. 554) na ipinatutupad ng Malayang Komisyon Laban sa Katiwalian (“ICAC”), ang mga sumusunod na gawain ay HINDI DAPAT gawin isang botante o awtorisadong kinatawan sa loob ng Hong Kong o kung saan pa man:
  - Humingi o tumanggap ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan mula sa sinumang tao para huwag bumoto sa halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang kandidato o mga kandidato.
  - Mag-alok ng anumang kapakinabangan (kabilang ang pera, regalo, atbp.), pagkain, inumin o libangan sa sinumang tao bilang isang paghikayat o gantimpala upang huwag bumoto sa isang halalan, o pagboto o hindi pagboto sa isang kandidato o mga kandidato.

- Gumamit o magbantang gumamit ng dahas o pananakot laban sa sinumang tao para hikayating bumoto o huwag bumoto sa isang halalan, o bumoto o huwag bumoto para sa isang kandidato o mga kandidato.
- Hikayatin ang sinumang tao sa pamamagitan ng panlilinlang upang bumoto o huwag bumoto para sa isang kandidato o mga kandidato sa isang halalan.
- Sadyang hadlangan o pigilan ang sinumang tao sa pagboto sa isang halalan.
- Mag-udyok sa ibang tao na huwag bumoto o magbigay ng hindi wastong boto sa isang halalan sa pamamagitan ng pampublikong kilusan sa panahon ng halalan.
- Bumoto sa isang halalan kahit na alam mong wala kang karapatang gawin ito.
- Bumoto sa isang halalan pagkatapos na sinadya o walang ingat na pagbibigay ng mali o nakalilinlang na impormasyon (hal. maling adres ng tirahan) sa isang opisyal ng halalan.
- Ang mga sumusunod na mga gawain ay ipinagbabawal din sa mga istasyon ng botohan:
  - Makipag-usap sa ibang mga botante kabilang ang pagpapakita ng iyong boto sa balota sa iba o paggamit ng cell phone o anumang ibang kasangkapan para sa elektronikong komunikasyon sa loob ng isang istasyon ng botohan.
  - Mag-bidyó, kumuha ng mga larawan o gumawa ng anumang pagrerekord ng tunog o bidyo.
  - Hilingin sa ibang botante at awtorisadong kinatawan na markahan ang iyong balota. Kung kinakailangan, maaari kang, alinsunod sa batas, humiling sa PRO na markahan ang iyong balota sa harap ng isang opisyal ng botohan.
  - Mang-abala ng ibang botante o awtorisadong kinatawan na bumuboto.
- Ang ICAC ay nagtayo ng Websayt sa Malinis na Halalan at nagbibigay ng mga kaugnay na impormasyon (sa parehong Ingles at Tsino). Mangyaring puntahan ang [www.icac.org.hk/elections](http://www.icac.org.hk/elections).